
# 3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagyaman ng Talasalitaan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino 3_ Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagyaman ng Talasalitaan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Hellie Dee G. Melendres, Rogelyn C. Gule

**Editor:** Cristy S. Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Jeneth D. Tabungar, Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:** Rhenan Nesperos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Reygean Joyce B. Canlas, Jecson L. Oafallas, Maelyne Yambao

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Mary Jane M. Mejorada, Josephine L. Fadul, Christine C. Bagacay, Lorna C. Ragos, Cristy S. Agudera, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagyaman ng Talasalitaan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy.

# Alamin

Sa araling ito, pagyayamanin pa natin ang iyong kaalaman sa pag-unawa sa mga teksto. Pagkatapos mong magbigay ng wakas ng kuwento, iulat ang mga naobserbahang pangyayari at kung paano magbago ang iyong dating alam ngayon naman pagyayamanin natin ang iyong talasalitaan.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito. Basahin mong mabuti ang panuto sa bawat bahagi at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
napagyayaman ng talasalitaan sa pamamagitan ng paggamit ng magkasingkahulugan at magkasalungat na mga salita, nakabubuo ng mga bagong salita mula sa salitang ugat, at nakahahanap ng maikling salita sa loob ng isang mahabang salita. (F3PT-IIh-2.3)

# Subukin

Panuto: Hanapin ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit. Piliin ang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| patpatin | mabuti | mataas |
| matulin | maliit | |

_______________1. Nakita ko ang asong <u>payat</u>.


_______________2. Sumakay kami nang <u>mabilis</u> na motor upang makarating doon nang maaga.

________________3. Naligo kami sa makipot na swimming **pool.**

________________4. Matangkad ang kapitbahay kong basketbolista.



________________5. Si Boboy ay mabait sa lahat ng tao sa kanilang lugar.

# Aralin 1 Paggamit ng Magkasingkahulugang Salita



## *Balikan*

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang katumbas ng larawan sa Hanay A. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

| A | | B |
|---|---|---|
| 1. |  | A. gamit para sa daluyan ng tubig |
| 2. |  | B. nasunog na parte ng balat ng tao |
| 3. |  | C. isang bagay na tinataniman |
| 4. |  | D. tulis ng lapis |
| 5. |  | E. gamit pampito |

# Tuklasin

"Ang Batang Masikap"
Akda ni: Hellie Dee G. Melendres

Ang taong magaling ay nagsusumikap
Upang siya ay maging matalino.
Kaya sa payapang sitwasyon,
ay laging tahimik ang reaksiyon.
Kung ikaw ay mayaman sa gawa.
Matatamasa ang sagana sa pera,
Dahil dito ang awa at habag ng Diyos Ama,
Ay nasa akin tuwina.
Ang aral at leksiyon ay baon -baon,
Saan man naroroon.

1. Ano-ano ang katangian na nabanggit sa tula?

   ______________ ______________

   ______________ ______________

2. Alin sa mga katangiang nabanggit ang taglay mo ngayon? Isulat sa patlang ang sagot.

   ________________________________________________

# Suriin

Ang mga salitang nasa kahon ay galing sa tulang nabasa. Ito ay mga halimbawa ng magkasingkahulugan na mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| aral - leksiyon | payapa-tahimik | mayaman-sagana |
| awa - habag | magaling-matalino | |

Narito ang iba pang halimbawa ng mga salitang magkasingkahugulan.

1. Sagana sa prutas ang aming lugar kaya marami kaming nabebenta.

Ang salitang **sagana** at **marami** ay pareho ang kahulugan, kaya ang tawag sa mga salitang ito ay magkasingkahulugan.

2. Nakatira ang maliliit na ibon sa munti nilang tahanan.

Magkasingkahulugan ang **maliit** at **munti** dahil pareho ang ibig sabihin.

Makatutulong sa pagtukoy sa kasingkahulugan ng mga salita ang larawan, katangian o pagbibigay ng pahiwatig sa teksto (context clue).


Halimbawa:

**Mabagal** maglakad si pagong kaya matagal siyang nakararating sa kaniyang bahay katulad niya si suso na **makupad** ding kumilos.

**Busilak** ang puso ni Maria at dahil sa kaniyang **kabutihan** sa pagtulong sa mg biktima ng Covid 19 ay pinarangalan siya ng pamahalaan.



masaya



maligaya

Tandaan:

Ang Magkasingkahulugan ay mga salitang magkatulad ang kahulugan o pareho ang ibig sabihin tulad ng **masaya-maligaya**, **mabagal-makupad**, at **mabango-mahalimuyak**.

## Pagyamanin

Panuto: Piliin ang kasingkahulugan ng mga nasalungguhitang salita. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang talino ay nakukuha mo kung ito'y iyong pagsisikapan.
   a. kahirapan b. kagandahan c. karunungan

2. Maaliwalas ang kapaligiran dahil wala kang nakikitang basura sa paligid.
   a. malungkot b. maganda c. masaya

3. Maligaya si inay nang makatanggap siya ng regalo galing sa akin.
   a. malungkot b. maligalig c. masaya

## Isaisip

Ang salitang magkasingkahulugan ay may magkatulad na kahulugan o pareho ang ibig sabihin.

## Isagawa

Panuto: Isulat ang kasingkahulugan ng mga nasalungguhitang salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | Salita | Kasingkahulugan |
|---|---|---|
| | 1. **Maganda** ang batang si Angela. | |
| | 2. Mas **mataas** ang puno ng mangga kaysa puno ng bayabas. | |
| | 3. **Mabango** ang pabango na nabili ko sa mall. | |
| | 4. Si Rosa ay may **matibay** na pananalig sa Maykapal. | |
| | 5. **Mabilis** tumakbo ang kuneho. | |

## Tayahin

Panuto: Piliin ang kasingkahulugan ng nasalungguhitang salita sa loob ng panaklong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Masarap ang lutong Kaldereta ni lola. (malinamnam, mapakla)
2. Si Carlo ay mabilis na tumakbo nang makakita ng aso. (mabagal, maliksi)
3. Ang sarap maligo sa malinis na tubig. (dalisay, marumi)
4. Siya ay maralita ngunit maligaya naman. (mahirap, mayaman)
5. Mapagkumbaba ang aking ina kaya siya'y pinagpapala. (mayabang, mahinahon)

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Hanapin ang salitang magkasingkahulugan sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Nagluto si inay ng masarap na adobo, napakalinamnam ng sarsa nito.
2. Umuwi si Lito na marumi ang damit, kakalaro sa madungis na palaruan.
3. Masyadong maingay ang busina ng sasakyan, nagkakagulo ang mga tao sa daan.
4. Ang aming barangay ay sagana sa prutas, gulay at marami ring mga alagang hayop.
5. Maligayang ipinagdiriwang ni Aileen ang kaniyang kaarawan, masayang-masaya siya sa regalong natanggap.

## *Subukin*

Panuto: Piliin ang kasalungat ng salitang may salungguhit. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Uminom ng mainit na tubig ang matanda.
   a. maliit b. magulo c. malamig

2. Kumuha ng maliit na upuan si Maria.
   a. malaki b. magulo c.malamig

3. Nakabili ng mamahaling gamit si Tess maykaya ang kaniyang pamilya.

   a. magalang  b. mabait  c. mahirap

4. Matulin tumakbo ang kuneho.

   a. matapat  b. mabagal  c. malamig

5. Maligaya kaming nagdiriwang ng aming Pista.

   a. maganda  b. marumi  c. malungkot

# Aralin 2 Paggamit ng Magkasalungat na mga Salita

## Balikan

Panuto: Piliin ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Si Lita ay may matibay na paninindigan sa buhay.
   a. mahusay  c. matatag
   b. malakas  d. mabuti
2. Mahirap ang aming pamilya ngunit masaya.
   a. malaki  c. magulo
   b. dukha  d. malakas
3. Ang batang mapag-impok ay maraming pera.
   a. may-ipon  c. mahirap
   b. malakas  d. tahimik

4. <u>Mabilis</u> tumakbo ang kuneho.

   a. matulin   c. mabagal

   b. malamig   d. mahirap

5. <u>Maliit</u> ang aming bahay.

   a. munti   c. marumi

   b. malungkot   d. mapait

## Tuklasin

Basahin ang kuwento at sagutin ang sumusunod na tanong:

Araw- araw ay nasa daan si Diane at Dino. Sila ay naglalako ng gulay para sa ikabubuhay nila. Nakakasalamuha nila ang iba't ibang uri ng mamimili, may mga mababait at masungit.

Nakaranas sila ng init kung tag-araw at lamig kung tag-ulan. Hindi sila pinanghihinaan ng loob kahit gaano man katindi ang kanilang pagod sa araw- araw. Patuloy sila sa pagtatrabaho nang makaipon at makabili ng pagkain para sa pamilya.

Mga Tanong:

1. Saan pumupunta sina Diane at Dino?
2. Sino-sino ang tauhan sa iyong binasang seleksiyon?
3. Ano ang ginagawa ng dalawa habang sila ay naglalakad sa daan?
4. Nakaranas sila ng init kung tag-araw at lamig kung tag-ulan. Ano ang mga salitang magkasalungat sa pangungusap?

5. Nakasasalamuha nila ang iba't ibang uri ng mamimili, may mga mabait at masungit. Ano ang mga salitang magkasalungat?

______________________________________________

______________________________________________

## Suriin

Ano ang salitang magkasalungat?

Kadalasang ginagamit ang salitang "**magkasalungat**" sa mga salitang magkaiba ang kahulugan o magkabaliktaran. Tinatawag na magkasalungat ang pares ng mga salita kung baligtad ang kanilang kahulugan.

Halibawa:

1. malakas – mahina
2. mabait – masungit
3. malaki-maliit
4. mataba-payat
5. mainit – malamig

## Pagyamanin

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang kasalungat na mga salita sa bawat bilang. Isulat sa papel ang iyong sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| mataba | malabo | matigas | matamis | tama |

1. malinaw → __________
2. malambot → __________
3. mali → __________
4. maalat → __________
5. payat → __________




# Isaisip


Ang pares ng mga salita na kabaliktaran ang kahulugan ay tinatawag na _________________.



# Isagawa


Panuto: Ibigay ang pares ng salita na kasalungat batay sa ipinapakita sa larawan. Isulat sa papel ang tamang sagot.


mataba



1.__________


panalo


2.__________


malamig


3.__________


malakas


4.__________



# Tayahin

Panuto: Hanapin ang kasalungat na mga salitang nasa Hanay A sa Hanay B. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. matanda | a. mabilis |
| 2. bago | b. busog |
| 3. mabagal | c. bata |
| 4. gutom | d. luma |
| 5. mabait | e. masungit |

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Ibigay ang kasalungat ng sinalungguhitang salita sa bawat pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Nakakita ng kaaway si Mang Kardo sa inuman.
2. Nakalulungkot ang pag-alis ni kuya.
3. Masaya si ate sa kaniyang kaarawan.
4. Umakyat si bunso sa taas ng hagdan.
5. Si Pamela ay maganda.

## *Subukin*

Panuto: Dagdagan ang mga salitang-ugat upang makabuo ng panibagong salita.

Halimbawa: lakad - naglakad

1. ulan - ______________________
2. talon - ______________________
3. basa - ______________________
4. bili - ______________________
5. kain - ______________________

Aralin 3

# Pagbubuo ng mga Bagong Salita mula sa Salitang-ugat

## *Balikan*

Panuto: Pagtambalin ang salita na nasa Hanay A at ang kasalungat nito na nasa Hanay B. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

| A | B |
|---|---|
| ________ 1. magulo | a. sagana |
| ________ 2. salat | b. payapa |
| ________ 3. maganda | c. maiksi |
| ________ 4. mahaba | d. pangit |
| ________ 5. mangmang | e. matalino |

## *Tuklasin*

Ikaw ba ay may karanasan? Masaya ba ito o malungkot? Basahin ang maikling kuwento.

# Ang Masaya kong Karanasan

Ni: Hellie Dee G. Melendres

**Sinama** ako ng aking tiya sa isang **malaking** Mall sa Tagum City. Habang naglalakad ay **pumasok** kami sa isang **tindahang** punong-puno ng damit at **laruan**. **Pinapili** niya ako ng gusto kong damit. Isa sa hindi ko **malilimutan** ay ang unang beses kong **pagsakay** sa **escalator** . Tuwang tuwa ako sa **hagdanang** tumatakbo. Maya't maya ay **tumunog** na ang telepono ng aking tiya at kailangan na raw naming **umuwi**.

## *Suriin*

- Sa pagbuo ng bagong salita, maaring magmumula sa mismong salitang-ugat.

Halimbawa: papaya-payapa, bata-taba, lawa-wala

- Maari rin nating gamitin ang mga panlapi (unlapi, gitlapi, hulapi) upang makabuo ng bagong salita karugtong ng salitang-ugat.

Halimbawa:
Unlapi- **um**, **pa**, **nag**
Gitlapi- in, um, (k**in**ain, t**um**uka, s**in**ampal)
Hulapi- an, han, in (sulat**an,** sama**han,** alis**in)**

Pagbuo ng bagong salita gamit ang iba't ibang panlapi

| | PANLAPI | SALITANG-UGAT | BAGONG SALITA |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | UNLAPI | | |
| | Um | Alis | **Um**alis |
| | Pa | Utang | **Pa**utang |
| | Nag | Laro | **Na**glaro |
| | GITLAPI | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | In | kain, sampal | k**in**ain, s**in**ampal |
| | Um | Tuka | T**um**uka |
| | | | |
| | HULAPI | | |
| | An | Sulat | Sulat**an** |
| | Han | Sama | Sama**han** |
| | In | Alis | Alis**in** |

## *Pagyamanin*

Ano-ano ba ang mga karaniwang ginagawa ng mga taong naka-**quarantine**? Basahin ang usapan ng dating magkaklase sa ikatlong baitang sa pamamagitan ng **group chat**.

Wella: Alam niyo ba noong Sabado ay nagtanim kami ng iba't ibang uri ng gulay sa aming bakuran?

James: Ganoon ba? Kami naman ay nasa loob lamang ng aming bahay habang ipinagluluto kami ni nanay ng masarap na pagkain.

Ana: Oo nga. Ako rin gusto ko 'yang masasarap na pagkain. Pagpipinta naman ang nakahiligan kong gawin habang nasa bahay lang.

Wella: Maganda at makabuluhan ang mga ginagawa sa panahon ng quarantine.

Danjo: Pagti-Tiktok at pag- aalaga ng mga hayop ang akin pampalipas-oras.

Wella: Iba-iba ang mga nais nating gawin. Huwag

nating kalimutang magdasal palagi sa Panginoon upang mawala na ang Corona Virus na iyan.

- Sagutin ang Gawain

Panuto: Bumuo ng bagong salita sa tulong ng mga panlaping natutuhan.

| Salitang-Ugat | Panlapi | Bagong Salita |
|---|---|---|
| tanim | nag | nagtanim |
| sarap | | |
| gawa | | |
| kain | | |
| alaga | | |
| ganda | | |


## *Isaisip*

Ang pagbubuo ng bagong salita mula sa salitang ugat. Ito ay ang pagdaragdag ng panlapi. Ang mga salitang ikot, likod, higa ay mga halimbawa ng salitang ugat kung daragdagan ito ng panlapi tayo ay makabubuo ng bagong salita.

ikot – um + ikot

likod – ta-, um + likod

higa – um + higa



## *Isagawa*

Panuto: Piliin ang wastong salita upang mabuo ang pangungusap.

| | |
|---|---|
| nagdasal | kakain |
| maligo | pagsampay |
| nagpadala | |

1. Si Brenda ay ________________ sa Panginoon bago matulog.
2. Inayos ni Tiya Nena ang mesa upang kami ay ___________.
3. Gustong- gusto ni tatay _________ sa dagat.
4. ________ si nanay sa sulat para kay tatay na nasa Saudi.
5. Tinulungan ko si nanay sa ____________ ng aming mga damit.



## *Tayahin*

Panuto: Piliin ang tamang panlapi upang makabuo ng bagong salita. Isulat ang buong pangungusap sa sagutang papel.

( linis ) 1. Si Juana ay ( um , nag ) linis ng bahay kahapon.

Si Juana ay naglinis ng bahay kahapon.

( inom) 2. Malakas ( i, um ) inom ng gatas si bunso.

( lakad )3. Mabilis na ( mag, nag )lakad ang ale sa kalye.

( ulan ) 4. (nag, um)ulan ng malakas kahapon.

( luto ) 5. Kami ay (nag, mag ) luto ng masarap na puto.

(saya) 6. Si nanay ay (ma,mag) sa kaniyang natanggap na regalo.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Kompletuhin ang talata gamit ang mga salitang-ugat at lagyan ito ng panlapi upang makabuo ng bagong salita na bubuo sa talata.

Ang mag-aaral ng ikatlong baitang Rosal ay (aral) (1)______________ ng kanilang leksyon gamit ang modyul. Masaya silang (basa) (2) _________________. Matapos nila itong gawin, sila ay (laro)(3) ____________________ sa bahay.

## *Subukin*

Panuto: Bumuo ng maikling salita mula sa mahahabang salita.

1. kasabihan
2. kayamanan
3. paaralan
4. kapayapaan
5. saloobin

| Aralin 4 | Paghahanap ng Maikling Salita na Matatagpuan sa Loob ng Isang Mahabang Salita. |
|---|---|

## Balikan

Panuto: Bumuo ng bagong salita mula sa salitang- ugat at panlapi. Kopyahin at sagutan sa papel.

1. aral - __________
2. awit - __________
3. kita - __________
4. akyat - __________
5. lakad - __________

## Tuklasin

Basahin ang kuwento na nasa kabilang pahina at sagutin ang mga sumusunod na gawain

### Batang Masikap

*Ni: Rogelyn Gule*

Gabi-gabi ay nasa lansangan si Rufo. Sa murang edad, siya ay nagtitinda ng balot upang kumita dala ng kahirapan sa buhay. Tiniis niya ang lamig nang sa ganun ay kumita at makabili ng pagkain. Hindi siya tumigil sa kaniyang ginagawa upang makaraos para sa kaniyang pamilya.

Basahin ang mga salitang nasa kahon. Hanapin ang mga salitang ugat. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| 1.nagtitinda | | 4. tinitiis |
| 2. ginagawa | 3. kahirapan | 5. makaraos |

## Suriin

Paano kukunin ang maikling salita mula sa mahabang salita?

Nakukuha ang maikling salita mula sa mahabang salita sa pamamagitan ng **pagtukoy sa salitang-ugat**.

Ang mahabang salita ay binubuo ng salitang-ugat at panlapi.

Ang salitang-ugat ay nakikita sa gitna o hulihang bahagi ng mahabang salita.

Halibawa:

| Salitang-Ugat | Panlapi | Nabuong Salita |
|---|---|---|
| ligtas | ka, an | ka**ligtas**an |
| hirap | na, an | Na**hirap**an |
| trabaho | pag, ta | pagta**trabaho** |
| dala | nag | nagda**dala** |

## Pagyamanin

Basahin at unawaing mabuti ang dayalogo. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

**Isang umaga, nag-uusap ang magkapatid sa kanilang bahay.**

Cris: Kuya abala ka ba ngayon? Pakikuha mo nga 'yung bunga ng bayabas.

Jose: Hindi naman, gusto mo ba akyatin ko? Saan ba banda?

Cris: Hayun po oh, nakita mo na?
Jose: Ah ‘yon!  maghintay ka diyan sa ibaba at saluhin mo.
Cris:  Halika kuya, sabay natin itong kainin.

Sagutin ang Gawain:

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Piliin ang letra ng iyong sagot at isulat sa sagutang papel

1. Ano ang kanilang kinuha?
   a. santol  b. mangga  c. bayabas
2. Saan sila nag-uusap?
   a. bahay  b. palengke  c. paaralan
3. Kailan nangyari ang kanilang pag-uusap
   a. umaga  b. hapon  c. tanghali
4. Alin sa sumusunod na mga salita ang maikling salita ng masasalo?
   a. masas  b. asas  c. salo
5. Piliin ang maikling salita sa salitang ihahagis.
   a. ihag  b. hagis  c. agis



## *Isaisip*

Sa araling ito, ang mahabang salita ay binubuo ng ________________ at panlapi.

Ang salitang ugat ay isang orihinal na salita na kinabitan ng panlapi upang makabuo ng bago at mahabang salita

Ang panlapi ay maaaring idugtong sa ___________, gitna, hulihan at maaaring sa unahan at hulihan ng isang salita.

## *Isagawa*

Panuto: Basahin ang mga salitang may salungguhit sa pangungungusap. Kunin ang salitang ugat. Isulat sa iyong papel ang sagot.

1. Bumili ng ulam si Cardo sa palengke. **Halimbawa: bili**
2. Nag-aral ng leksiyon si Leny kahapon.
3. Magsisimba kami sa susunod na linggo.
4. Umiyak ang bata kagabi.
5. Tumakbo ang aso.

## *Tayahin*

Panuto: Sipiin ang salitang-ugat sa mga salitang nasa ibaba. Isulat ang sagot sa papel.

| | |
|---|---|
| 1. mamahalin | |
| 2. kumikita | |
| 3. haharapin | |
| 4. kasamahan | |
| 5. kadakilaan | |

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Piliin ang mahahabang salita sa bawat pangungusap at ibigay ang maikling salita. Isulat ang sagot sa tsart sa ibaba.

1. *Kapayapaan* ang hangad ng lahat ng tao.
2. Ang mga bata ay *nagsasanay* para sa eksam.
3. *Sinusuklayan* ng ina ang mahabang buhok ng kaniyang anak.
4. *Minimithi* kong maging guro.
5. *Sumasakay* kami ng dyip .

| Mahabang salita | Maikling salita |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

# Susi sa Pagwawasto

**Aralin 3**

**Subukin**

umulan
tumalon
nagbasa
bumili
kumain

**Balikan**

B
A
D
C
E

**Pagyamanin**

**Isagawa**

nagdasal
kumain
maglakad
nagpuyat
maglaba

**Tayahin**

naglinis
uminom
naglakad
umulan
nagluto

**Karagdagang Gawain**

nag-aral
nagbasa
naglaro

**Aralin 4**

**Balikan**

nag-aral, mag-aral
umawit
nakita, magkita, nagkita
umakyat
naglakad, maglakad

**Tuklasin**

tinda
gawa
hirap
tiis
raos

**Pagyamanin**

C
A
A
C
B

**Isagawa**

bili
aral
simba
iyak
takbo

**Tayahin**

mahal
kita
harap
kasama
dakila

**Karagdagang Gawain**

1. kapayapaan - payapa
2. nagsasanay - sanay
3. sinusuklayan - suklay
4. minimithi – mithi
5. sumasakay -sakay

**Aralin 1**

**Subukin**

patpatin
matulin
maliit
mataas
mabuti

**: Balikan**

C
D
A
E
B

**Tuklasin**

magaling
matalino sagana
mayaman

**Pagyamanin**

C
B
C

**Isagawa**

marikit
matayog
mahalimuyak
malakas
matulin

**Tayahin**

malinamnam
maliksi
dalisay
mahirap
mahinahon

**Karagdagang Gawain**

1. masarap, napakalinamnam
marumi, madungis
maingay, nagkakagulo
sagana, marami
maligayang, masayang-masaya

**Aralin 2**

**Subukin**

C
A
C
B
C

**Balikan**

C
B
A
A
A

**Tuklasin**

daan
Diane at Dino
Sila ay nagtitinda
Masaya
Nairaraos nila sa pamamagitan ng pagtitinda

**Pagyamanin**

malabo
matigas
tama
matamis
mataba

**Isagawa**

payat
talo
mainit
mahina

**Tayahin**

C
D
A
B
E

**Karagdagang Gawain**

kaibigan
pag iwan
malungkot
baba
pangit

# *Sanggunian*

Most Essential Learning Competencies with corresponding CG Codes/Suggested LRs

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph